



Na-update noong Marso 2026

# GABAY SA MGA BENEPISYO

Tinitiyak ng WA Cares Fund na ang lahat ng nagtatrabahong taga-Washington ay maaaring makakuha ng access sa mga benepisyo ng pangmatagalang pangangalaga.



## ANG MGA NASA LOOB NITO

- |   |   |
|---|---|
| <b>2</b> Paano ito gumagana                   | <b>10</b> Pagbabayad para sa pangangalaga |
| <b>3</b> Pagiging karapat-dapat sa benepisyo  | <b>12</b> Paano maghanap ng provider      |
| <b>4</b> Mga saklaw na serbisyo at suporta    | <b>14</b> Paglipat mula sa WA Cares       |
| <b>10</b> Pangangasiwa ng iyong mga benepisyo | <b>16</b> Tulong at suporta               |

Tingnan ang insert para sa impormasyon ng mga rate

# PAANO ITO GUMAGANA

**Ang WA Cares Fund ay idinisenyo upang tulungan ang mga tao na mamuhay nang mag-isa sa kanilang sariling mga tahanan hangga't maari.**

Iniiisip ng karamihan na ang pangmatagalang pangangalaga ay pangangalaga sa isang pasilidad tulad ng nursing home o assisted living, ngunit kasama rin dito ang pangangalaga sa bahay at iba pang serbisyo at suporta upang matulungan kang manatili sa iyong sariling tahanan. Ang pangmatagalang pangangalaga ay hindi pangangalagang medikal, at hindi sinasaklaw ng WA Cares ang mga gastos para sa mga bagay tulad ng mga appointment sa doktor at mga paggamot para sa mga medikal na kondisyon.

## MGA KONTRIBUSYON

Sa pamamagitan ng awtomatikong pag-aambag ng maliit na bahagi ng bawat suweldo sa panahon ng iyong mga taon ng pagtatrabaho, nakakakuha ka ng mga benepisyong magagamit mo kapag kailangan mo ng pangmatagalang pangangalaga. Kung gagamitin mo nang maaga ang iyong mga benepisyo at babalik sa pagtatrabaho, magpapatuloy ang iyong mga kontribusyon.

### MGA AHENSYA NG ESTADO NA MAKAKATRANSAKSYON MO

Tinutukoy ng Employment Security Department kung natutugunan mo ang kinakailangan sa kontribusyon.

Tinutukoy ng Department of Social and Health Services kung natutugunan mo ang kinakailangan sa mga pangangailangan sa pangangalaga at tinutulungan kang pangasiwaan ang iyong mga benepisyo.

Nakikipagtulungan ang Health Care Authority sa mga provider para sa mga paunang awtorisasyon at pagbabayad.

## MGA BENEPISYO

Kapag nag-apply ka para sa mga benepisyo, susuriin namin ang kasaysayan ng iyong kontribusyon at padadalhan ka ng sulat na may halaga ng benepisyo na nakuha mo. Maaari mong gamitin ang halaga ng iyong benepisyo sa anumang saklaw na mga serbisyo at suporta hanggang sa magastos mo ang buong halaga. Bawat taon, ang halaga ng benepisyo na magagamit mo ay lalago kasabay ng inflation.

Kapag naaprubahan ka na upang simulan ang paggamit ng iyong mga benepisyo, maaari kang pumili kung kailan at paano mo gagamitin ang mga ito.

Maaari kang kumuha ng caregiver para magbigay ng suporta sa iyong tahanan o maaari kang makakuha ng pangangalaga sa isang adult family home (tahanan ng pamilyang adulto), assisted living facility (pasilidad ng tinulungang pamumuhay) o nursing home. Magagamit mo ang iyong benepisyo para sa mga serbisyo tulad ng mga pagbabago sa tahanan, mga pagkaing inihatid sa bahay, transportasyon at iba pa. Maaari ka ring bumili ng mga suplay, kagamitan o teknolohiyang pantulong (assistive technology) tulad ng mga weighted na kagamitan sa pagkain o aparato para sa gamot.

Magagamit mo ang iyong benepisyo nang hindi kailangang maglabas ng paunang bayad mula sa sariling bulsa. Hahanap ka ng rehistradong provider at direktang babayaran namin ang provider para sa iyo.

# PAGIGING KARAPAT-DAPAT SA BENEPISYO

Upang ma-access ang iyong mga benepisyo, kailangan mong matugunan kapwa ang kinakailangan sa kontribusyon at kinakailangan sa mga pangangailangan sa pangangalaga. Matapos naming suriin ang kasaysayan ng iyong kontribusyon at kumpletuhin ang pagtatasa ng iyong mga pangangailangan sa pangangalaga, padadalhan ka namin ng sulat upang ipaalam kung aprubado kang gumamit ng mga benepisyo.

Kung hindi ka karapat-dapat para sa mga benepisyo, isasama sa sulat ang impormasyon kung paano mo maiaapela ang desisyon.

## PAMAMAHALA NG IYONG MGA BENEPISYO ONLINE

Pwede mong pamahalaan ang iyong account para sa mga benepisyo ng WA Cares online o hayaang pamahalaan ng isang mahal sa buhay o kinatawan ang mga benepisyo mo sa pamamagitan ng pag-sign up bilang isang awtorisadong user.

Kapag naka-sign in ka sa iyong account para sa mga benepisyo, magagawa mong tingnan ang halaga ng iyong benepisyo, aprubahan ang mga paunang awtorisasyon, makakuha ng suporta sa customer at higit pa.

**Gumawa ng o mag-log in sa isang account para sa mga benepisyo sa pamamagitan ng pagbisita sa [wacaresfund.wa.gov/account](https://wacaresfund.wa.gov/account)**



# MGA SAKLAW NA SERBISYO AT SUPORTA

Ang ilang serbisyo ay maaaring hindi available sa buong estado.



## MGA KAGAMITANG INIANGKOP AT TEKNOLOHIYA

Maaaring saklaw ng iyong medikal na insurance ang ilang aparato.

<b>Mga aparato para sa gamot</b>	Mga aparatong nakakatulong sa pangangasiwa ng gamot, tulad ng tagapagpaalala (reminder) o dispenser ng gamot.
<b>Mga aparato para sa kaligtasan</b>	Mga aparatong sumusuporta sa iyong kaligtasan, tulad ng awtomatikong lock ng pinto, monitoring device, auto-shutoff para sa mga kagamitan sa kusina o mga aparatong tumutulong sa iyo na sumakay at bumaba ng kotse.
<b>Mga aparato para sa paningin at komunikasyon</b>	Mga aparatong nakakatulong sa mga limitasyon sa pandama (sensory limitations), tulad ng nagsasalitang relo o umiilaw na doorbell. Tandaan: Hindi namin sinasaklaw ang mga salamin sa mata o mga hearing aid.
<b>Mga serbisyo ng teknolohiyang pantulong</b>	Propesyonal na suporta, tulong at konsultasyon tungkol sa kung anong teknolohiyang pantulong ang maaaring makatulong sa mga limitasyong nagbibigay-malay (cognitive), pisikal at pandama (sensory).
<b>Mga pagbabago sa sasakyan</b>	Mga pagbabagong ginawa sa pangunahing sasakyan na ginagamit mo para mapabuti ang iyong accessibility, kaligtasan, at kadalian sa paggamit bilang driver o pasahero.
<b>Mga kagamitan at suplay para sa pangangalaga</b>	Mga adult brief para sa incontinence, mga pantulong sa personal na kalinisan at iba pa.
<b>Mga medikal na kagamitan at pantulong</b>	Mga aparatong tulad ng mga bath bench, pinataas na upuan ng banyo o mga commode. Tandaan: Hindi namin sinasaklaw ang mga kama sa ospital o mga wheelchair.



## MGA SERBISYO SA PERSONAL NA PANGANGALAGA SA BAHAY AT PAHINGA

Maaari kang tulungan ng tagapag-alaga sa bahay sa mga pang-araw-araw na aktibidad sa iyong bahay, gaya ng pagkain, pagligo at pamamahala ng iyong mga gamot. Pwedeng gumawa ng gawaing-bahay o maliliit na bilin o maghanda ng pagkain ang mga tagapag-alaga.

<b>Bayad na caregiver na kapamilya</b>	Bayad na pangangalaga sa bahay (in-home care) mula sa isang miyembro ng pamilya o mahal sa buhay, na maaaring kabilang ang isang asawa o rehistradong domestic partner. Maaari silang magtrabaho para sa isang ahensya ng home care o para sa Consumer Direct Care Network Washington bilang isang indibidwal na provider.
<b>Ahensya ng home care</b>	Tulong sa pang-araw-araw na mga gawain mula sa isang caregiver na nagtatrabaho para sa isang rehistradong ahensya ng home care. Makikipagtulungan ka sa ahensya upang lumikha ng isang plano sa pangangalaga na tumutugon sa iyong mga pangangailangan. Itatalaga ng ahensya sa iyo ang isang caregiver at susubaybayan nila ang kanilang trabaho.
<b>Consumer Direct Care Network Washington</b>	Tulong sa mga pang-araw-araw na aktibidad mula sa isang indibidwal na provider. Gumagamit ka ng online na database na tinatawag na Carina para maghanap ng tagapag-alaga kung wala ka pang naiisip. Kumukuha ang Consumer Direct Care Network Washington ng mga indibidwal na provider at pagkatapos ay pangangasiwaan mo ang kanilang trabaho, kasama ang pagtatalaga ng kanilang mga gawain at pagtatakda ng kanilang iskedyul. Inirerekomenda ng WA Cares ang pagkumpleto ng Kasunduan sa Pangangalaga kasama ang iyong indibidwal na provider.
<b>Pahinga para sa mga pamilyang tagapag-alaga</b>	Isang serbisyo sa maikling panahon na nagbibigay sa iyong bayad o hindi bayad na pamilyang tagapag-alaga ng pahinga sa pamamagitan ng pagtiyak na nakakatanggap ka ng pangangalaga mula sa iba. Pwede kang makakuha ng pangangalaga para sa pahinga sa iyong bahay mula sa Consumer Direct Care Network Washington o ahensya sa pangangalaga sa bagay, o sa komunidad mula sa isang pangangalaga sa araw para sa nasa hustong gulang, tahanan ng pamilya para sa nasa hustong gulang, pasilidad para sa finutulungang pamumuhay o nursing home. Maaari mong gamitin ang serbisyong ito nang maraming beses para matugunan ang iyong mga pangangailangan.



## MGA SUPORTA SA BENEFISYARYO AT TAGAPAG-ALAGA

<b>Mga serbisyo para sa adult day care</b>	Ang adult day care at adult day health ay kapwa nagbibigay ng sinusubaybayang pangangalaga at mga aktibidad sa araw na nagtataguyod ng pakikipag-ugnayang panlipunan, kalusugan, at kagalingan. Kasama rin sa adult day health ang mga dalubhasang serbisyo mula sa mga medikal na propesyonal, na inaatasan ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.
<b>Suporta para sa dementia at pag-uugali</b>	<p>Tulong mula sa isang propesyonal sa kalusugan ng pag-uugali (behavioral health professional) upang bumuo ng isang plano sa pagsuporta sa pag-uugali na may mga estratehiya para sa pagtugon sa mga hindi ligtas na pag-uugali tulad ng paggala o pagiging agresibo.</p> <p>Tandaan: Maaaring saklawin ng iyong medikal na insurance plan ang mga karagdagang suportang nauugnay sa pag-uugali.</p>
<b>Edukasyon at konsultasyon</b>	Edukasyon, konsultasyon at pagsasanay para sa iyo at sa iyong mga caregiver para sa iyong pangangalaga, mga diagnosis at talamak (chronic) na isyu sa kalusugan. Ang layunin ay tulungan kang pangasiwaan ang iyong mga pang-araw-araw na gawain sa buhay, kalusugan at kagalingan.
<b>Gawaing-bahay at mga lakarin</b>	<p>Maaaring kabilang sa gawaing-bahay ang pangkalahatang paglilinis, tulong sa paglalaba, pagpapalit ng kobrekama at pag-aalis ng mga kalat. Maaaring kabilang sa mga lakarin ang pamimili ng grocery at mga mahahalagang lokal na biyahe, tulad ng pagpunta sa parmasya o post office.</p> <p>Tandaan: Ang mga gawaing ito ay kasama sa mga rate para sa personal na pangangalaga sa bahay at respite. Kung mayroon ka nang binabayarang caregiver sa bahay, isaalang-alang na ipagawa sa kanila ang mga gawaing ito.</p>
<b>Trabaho sa bakuran at pag-aalis ng niyebe</b>	Tulong sa pagpapanatili ng ligtas na access sa iyong tahanan sa pamamagitan ng paggapas ng damo, pagputol ng mga sanga at pag-alis ng niyebe at yelo kapag kinakailangan.



## KALUSUGAN AT KAGALINGAN (WELLNESS)

<b>Koordinasyon sa paglipat ng pangangalaga</b>	<p>Idinisenyo para suportahan ang iyong paggaling kapag umalis ka sa isang ospital o nursing home. Available ang serbisyo nang hanggang dalawang buwan pagkatapos mong bumalik sa bahay. Kabilang dito ang pagtiyak na naiintindihan mo ang mga tagubiling ibinigay sa iyo, na mayroon ka at alam mo kung paano inumin ang lahat ng gamot na inireseta noong nasa ospital ka, at na naitakda mo ang lahat ng mga appointment para sa mga image tulad ng x-ray o mga pagsusuri sa iyong team ng pangangalagang pangkalusugan.</p> <p>Tandaan: Ang serbisyong ito ay maaaring saklaw ng iyong medikal na insurance o ng ospital o pasilidad ng nursing.</p>
<b>Koordinasyon sa paglipat ng pangangalaga</b> (inpinagpapatuloy)	<p><b>Skilled nursing:</b> Panandaliang paggamot na iniutos ng provider ng pangangalagang pangkalusugan kapag kailangan mo ng pangangalaga sa pag-aalaga para sa isang patuloy na kondisyon. Ito ay mga gawain sa pag-aalaga na hindi mo magagawa nang mag-isa at hindi maaaring italaga sa isang nursing assistant o home care aide.</p> <p>Tandaan: Ang skilled nursing ay maaaring saklaw ng iyong medikal na insurance sa pamamagitan ng benepisyo sa kalusugan sa tahanan.</p> <p><b>Nurse delegation:</b> Nagbibigay-daan sa isang rehistradong nars) na magtalaga ng mga partikular na gawain sa iyong mga sinanay na nursing assistant o home care aide.</p> <p>Ang mga gawaing maaaring italaga ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:</p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. Pagbibigay ng gamot na iniinom (oral) at ipinapahid (topical)</li><li>2. Mga nasal spray at patak sa mata</li><li>3. Pagpapakain sa pamamagitan ng gastrostomy tube</li><li>4. Simpleng pangangalaga sa sugat na tinukoy ng nagtatalagang nars</li><li>5. Pagsubaybay sa blood glucose at insulin o mga non-insulin na itinuturok para sa paggamot ng diabetes</li><li>6. Non-sterile na tracheal at oral suctioning</li></ol> <p>Hindi lamang ito ang mga gawaing maaaring italaga, ngunit may ilang gawain na dapat gawin ng isang rehistradong nars.</p> <p><b>Private duty nursing:</b> Nagbibigay-daan sa iyo na makatanggap ng skilled nursing care para sa isang kumplikadong medikal na pangangailangan sa bahay sa halip na pumunta sa isang ospital o pasilidad. Kung kailangan mo ng private duty nursing, ito ay dahil umaasa ka sa mga pang-araw-araw na mekanikal na paggamot tulad ng ventilator, kumplikadong suporta sa paghinga, tracheostomy, o intravenous (IV) o parenteral na mga gamot o nutrisyon.</p>



## KALIGTASAN SA TAHANAN

<b>Mga pagbabago sa tahanan</b>	Mga pagbabago sa iyong tahanan upang suportahan ang iyong kalusugan, kapakanan, kaligtasan, accessibility at kalayaan. Kasama sa mga halimbawa ang mga ramp, stair lift, pagpapalapad ng mga pintuan o pagpapabago sa mga banyo.
<b>Pagsusuri sa kaligtasan ng tahanan</b>	Pagsusuri sa iyong tahanan (nirerentahan man o sarili) ng isang physical o occupational therapist. Pinapabuti ng serbisyong ito ang accessibility sa loob ng iyong tahanan at tinutulungan kang matukoy at mabawasan ang mga panganib na mahulog o mga panganib sa kaligtasan.  Tandaan: Maaaring saklaw ng iyong medikal na insurance o ng ospital/pasilidad ng nursing ang serbisyong ito.
<b>Mga sistema ng pagtugon sa personal na emergency</b>	Mga medikal na alert system na nagbibigay-signal sa isang monitoring center upang tumawag ng tulong sa isang emergency. Ang mga sistemang ito ay maaaring may kasamang mga tagapagpaalala ng gamot, pagtukoy kung nahulog (fall detection), mga wellness check at GPS finder.



## MGA PAGKAIN AT TRANSPORTASYON

<b>Mga pagkaing inihahatid sa bahay</b>	Mga masustansyang pagkain na inihahatid sa iyong tahanan, kabilang ang mga handa nang kainin at maiinit na pagkain.
<b>Transportasyon</b>	Transportasyon papunta at pabalik sa grocery store, mga medikal na appointment, mga serbisyong panlipunan, at therapeutic na mga aktibidad sa paglilibang. Maaari kang makakuha ng reimbursement para sa ilang gastos sa transportasyon, kabilang ang mileage, mga bus pass, taxi scrip, bayad sa paradahan na nauugnay sa mga medikal na appointment at mga tiket sa ferry.  Tandaan: Maaaring saklaw ng iyong medikal na insurance ang transportasyon patungo sa mga medikal na appointment.



## PANGANGALAGA SA ISANG PASILIDAD

<b>Adult family home (Tahanan ng pamilyang adulto)</b>	Kapaligirang tila tahanan kung saan ang isang maliit na bilang ng mga residente ay nakakatanggap ng personal na pangangalaga, espesyal na pangangalaga, kuwarto, at pagkain (room and board).
<b>Assisted living facility (Pasilidad ng tinulungang pamumuhay)</b>	Kapaligiran kung saan nakakatanggap ang mga residente ng mga pangunahing serbisyo para sa kanilang kaligtasan at kapakanan, na maaaring kabilang ang mga pagkain, paglalaba, pagsubaybay at iba't ibang antas ng pangangalaga.
<b>Nursing home</b>	Kapaligirang nagbibigay ng 24 na oras na sinusubaybayang pag-aalaga (nursing care), personal na pangangalaga, therapy, pangangasiwa ng nutrisyon, mga inorganisang aktibidad, mga serbisyong panlipunan, kuwarto, pagkain (board), at paglalaba.
<b>Pangangalaga sa memorya (Memory care)</b>	Ligtas at organisadong kapaligiran para sa mga residenteng may Alzheimer's disease o iba pang uri ng dementia na nakatira sa isang assisted living facility.

# PANGANGASIWA SA IYONG MGA BENEPISYO

Maaari mong gamitin ang iyong mga benepisyo para sa anumang saklaw na mga serbisyo at suporta. Kapag naaprubahan kang gumamit ng mga benepisyo, makakatanggap ka ng listahan ng mga iminumungkahing serbisyo. Maaari mong gamitin ang mga mungkahi upang pag-isipan ang mga opsyon sa pangangalaga, ngunit hindi ka obligadong pumili mula sa listahang iyon.

Dahil nagkakaloob ang WA Cares ng limitadong halaga ng panghabambuhay na benepisyo, gugustuhin mong paglaanan nang maingat ng badyet ang iyong mga benepisyo. Upang mas magtagal ang halaga ng iyong benepisyo, isaalang-alang kung matutugunan mo ang iyong mga pangangailangan sa pangangalaga gamit ang mga hindi gaanong mamahaling serbisyo, tulad ng pangangalaga at suporta sa bahay (in-home care). Tandaan na ang halaga ng mga serbisyo ay nag-iiba batay sa kung saan ka nakatira at sa iyong mga pangangailangan sa pangangalaga. Maaaring nais ninyong kumuha ng mga quote mula sa iba't ibang provider bago pumili.

Kung gusto mo lang gamitin ang bahagi ng halaga ng iyong benepisyo ngayon, maaari mong gamitin ang natitira kung kailangan mo ng pangangalaga sa hinaharap. Kahit matapos mong simulan ang paggamit sa iyong mga benepisyo, ang natitirang halaga ng iyong benepisyo ay patuloy na lalago sa paglipas ng panahon kasabay ng inflation.

Kung ihihinto mo ang paggamit ng mga benepisyo sa loob ng mahigit 12 buwan, kakailanganin mong dumaan sa parehong proseso ng aplikasyon tulad ng dati kung kailangan mo itong gamitin muli. Tulad ng dati, susuriin namin ang kasaysayan ng iyong kontribusyon at makikipagpulong sa iyo para pag-usapan ang iyong mga pangangailangan sa pangangalaga.

## PAGBABAYAD PARA SA PANGANGALAGA

### PAG-UNAWA SA MGA RATE

Maaari mong piliin ang iyong mga provider batay sa kung magkano ang handa mong bayaran. Mahalagang tandaan na ang halaga ng mga serbisyo ay nakadepende sa kung saan ka nakatira, sa iyong mga partikular na kondisyon sa kalusugan, at sa iyong mga pangangailangan sa pangangalaga. Maaaring nais ninyong kumuha ng mga quote mula sa iba't ibang provider bago pumili.

Ang insert na ibinigay kasama ng gabay na ito ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga rate. Ang bawat saklaw na serbisyo o suporta ay may pinakamataas na rate. Hindi maaaring maningil ang mga provider nang higit sa pinakamataas na rate at hindi ka maaaring hingan ng karagdagang bayad mula sa sarili mong bulsa.

Kung kailangan mo ng serbisyo o suporta na mas mahal kaysa sa pinakamataas na rate, maaaring humiling ang provider ng pag-apruba upang maningil ng higit pa.

### PAG-APRUBA SA MGA PAUNANG AWTORISASYON

Pagkatapos mong makipag-ugnayan sa isang provider at sumang-ayon sa halaga at mga detalye ng mga serbisyong ibibigay niya sa iyo, kukumpleto siya ng paunang awtorisasyon. Kailangan mong aprubahan ang paunang awtorisasyon sa iyong online na account bago ka maaaring magsimulang makatanggap ng mga serbisyo. Ang paunang awtorisasyon ay isang pormal na kasunduan na may mga detalye tungkol sa mga serbisyong matatanggap mo at ang mga halaga.

Dapat mong tiyakin na tumutugma ang paunang awtorisasyon sa kung ano ang finalakay mo kasama ang provider. Kung mukhang tama ang lahat, aaprubahan mo ito. Kung hindi, dapat mo itong tanggihan at dapat kang makipag-ugnayan sa provider. Dapat mong aprubahan ang paunang awtorisasyon bago ang katapusan ng petsa ng "kumilos bago ang" na nakalista sa

mga detalye ng paunang awtorisasyon sa iyong account. Kung hindi mo ito gagawin, awtomatiko itong mawawalan ng bisa at kakailanganing gumawa ng iyong provider ng bago na aaprubahan mo.

Direkta naming babayaran ang iyong mga provider para sa mga serbisyo at suportang matatanggap mo. Pwedeng maningil ang iyong provider hanggang sa halaga sa paunang awtorisasyon, pero hindi mo kailangang gamitin ang buong halagang inaprubahan mo.

Kung ayaw mong patuloy na makatanggap ng mga serbisyo mula sa provider na iyon, pwede kang makipag-ugnayan sa WA Cares at humiling na kanselahin ang paunang awtorisasyon. Kakailanganin mo pa ring bayaran ang anumang serbisyong natanggap mo na.

Maaaring gawin ang karamihan sa mga paunang awtorisasyon para sa hanggang tatlong araw sa kalendaryo, o 93 araw. Para patuloy na makatanggap ng mga serbisyo mula sa isang provider pagkatapos ng kasalukuyang awtorisasyon, kakailanganin niyang gumawa ng bagong paunang awtorisasyon na aaprubahan mo.

Kung mayroon ka ng parehong mga benepisyo ng Apple Health (Medicaid) at WA Cares, hindi babayaran ng Apple Health ang mga serbisyong pwede mo sana ma-access sa pamamagitan ng WA Cares. Kung makatanggap ka ng pangmatagalang serbisyo sa pamamagitan ng Apple Health (Medicaid), maaaring hingin sa iyo na magbayad para dito gamit ang halaga ng iyong benepisyo sa WA Cares. Kung mayroon kang mga tanong, pwede kang makipag-ugnayan sa QA Cares team.

Kung may isyu ang isang provider sa pagbabayad para sa mga serbisyong naibigay na niya sa iyo, maaaring kailangan naming kumumpleto ng paunang awtorisasyon para sa iyo.

## **PAGSUBAYBAY SA IYONG BALANSE**

Makikita mo ang iyong kasalukuyang halaga ng benepisyo sa online account mo. Makikita mo ang iyong orihinal na halaga ng benepisyo, na ibinawas ang halaga ng mga serbisyong natanggap mo at halaga ng anumang paunang awtorisasyon na inaprubahan mo, na naka-withhold sa iyong available na balanse.

## **PAGKUHA NG TEKNOLOHIYANG PANTULONG, MGA KALAKAL AT SERBISYO**

Maaari kang direktang makipagtulungan sa isang rehistradong provider upang makatanggap ng mga kagamitan, suplay, aparato o tulong para suportahan ang iyong kalusugan, kaligtasan at pagiging independyente. Makakatulong din ang aming vendor ng mga serbisyo sa pangangasiwa sa pananalapi, ang GT Independence, upang hanapin at bilhin ang kailangan mo.

Maaari kang makipag-ugnayan sa kanila sa:

[gtindependence.com/wa](https://gtindependence.com/wa)

877-659-4500

[referral@gtindependence.com](mailto:referral@gtindependence.com)

## **REIMBURSEMENT (PAGBABALIK NG GASTOS)**

Maaari kang makakuha ng reimbursement para sa mga saklaw na serbisyo sa transportasyon o teknolohiyang pantulong at kagamitan. Kung magbabayad ka mula sa sarili mong bulsa (out of pocket) pagkatapos mong maaprubahan na gamitin ang iyong mga benepisyo, maaari kang humingi ng reimbursement. Tiyaking suriin ang mga kinakailangan bago ka bumili ng anuman. Kakailanganin mo itong ipaapruba nang maaga at mayroong pinakamataas na halaga ng reimbursement bawat buwan.

Ang aming vendor ng mga serbisyo sa pangangasiwa sa pananalapi, ang GT Independence, ay makakasagot sa mga katanungan bago mo bilhin ang item tungkol sa kung makakakuha ka ng reimbursement.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paghiling ng reimbursement mula sa GT Independence, bisitahin ang:

[gtindependence.com/wa](https://gtindependence.com/wa).

# PAANO MAGHANAP NG PROVIDER

## PAGHAHANAP NG MGA REHISTRADONG PROVIDER

### **Directory ng network ng mga provider ng WA Cares** [wacalc.org/wacares](http://wacalc.org/wacares)

Ang lahat ng provider ng WA Cares ay dapat na nakarehistro sa Department of Social and Health Services. Kapag nakarehistro na ang isang provider, idaragdag sila sa directory ng network ng mga provider ng WA Cares. Pampubliko ang directory, kaya hindi mo kailangang gumawa ng account upang ma-access ito.

Nagbibigay-daan sa iyo ang directory na makahanap ng mga provider sa iyong lugar batay sa uri ng serbisyong hinahanap mo. Isasama sa listahan ang pangalan ng provider, impormasyon sa pakikipag-ugnayan at anumang karagdagang wika na inaalok nila.

Ang mga caregiver na binabayaran sa pamamagitan ng Consumer Direct Care Network Washington ay hindi isasama sa directory. Ang higit pang impormasyon tungkol sa bayad na pag-aalaga ng kapamilya (paid family caregiving) ay kasama sa ibaba.

## SARILING PAGHAHANAP NG PROVIDER

### **Proseso sa aplikasyon ng provider** [wacaresfund.wa.gov/providers](http://wacaresfund.wa.gov/providers)

Maaari kang makahanap o may kilala na na provider na gusto mong makatrabaho. Kung hindi pa sila nakarehistro bilang provider sa WA Cares, kakailanganin nilang magsumite ng aplikasyon.

Kung natutugunan nila ang mga minimum na kwalipikasyon, kokontratahin sila at magiging isang rehistradong provider. Kapag nakarehistro na sila, maaari mo na silang kunin para sa kanilang mga serbisyo.

Kung sila ay isang caregiver, maaari silang magtrabaho para sa alinman sa isang ahensya ng home care o Consumer Direct Care Network Washington.

## PERSONAL NA PANGANGALAGA SA BAHAY

Mayroon kang dalawang opsyon para sa pagtanggap ng personal na pangangalaga sa bahay, na nakalista sa ibaba. Ang lahat ng caregiver ay dapat makatugon sa mga kinakailangan sa pagsasanay at pagsusuri ng background, ngunit ikaw ang makakapagdesisyon kung aling rehistradong provider ang gusto mong gamitin upang kunin ang iyong caregiver.

### **Consumer Direct Care Network Washington**

360-456-1234

[consumerdirectwa.com/wa-cares-fund](http://consumerdirectwa.com/wa-cares-fund)

Ang CDWA ay nakarehistro sa WA Cares at nagpapatrabaho ng mga caregiver na kilala bilang mga indibidwal na provider.

Maaari mong gamitin ang opsyong ito para kumuha ng miyembro ng pamilya, kaibigan o propesyonal na caregiver. Tutulongan ka ng CDWA na maghanap ng caregiver sa pamamagitan ng kanilang online matching database, kung kinakailangan. Kung pipiliin mo ang opsyong ito, mag-reenroll ka sa CDWA at magiging tagapangasiwang employer (managing employer) ng pinili mong caregiver. Ikaw ang magiging responsable para sa:

1. Pagtatalaga sa kanila ng mga gawain sa pamamagitan ng care agreement na kukumpletuhin mo
2. Pagtatakda ng kanilang iskedyul at mga oras ng trabaho
3. Pagwawakas ng kanilang empleyo/serbisyo sa iyo (kung kinakailangan)

### **Ahensya ng home care**

Ang mga caregiver na kinuha sa pamamagitan ng opsyong ito ay legal na empleyado ng ahensya ng home care.

Makikipagpulong sa iyo ang ahensya para alamin ang tungkol sa iyong mga pangangailangan at kagustuhan bago gumawa ng plano ng pangangalaga. Kapag sumang-ayon ka na sa isang plano at iskedyul, ang supervisor ng ahensya ng home care ay magtatalaga sa iyo ng isang caregiver. Pagkatapos ay ididirekta mo ang pakikipag-ugnayan para sa anumang mga pagbabago o alalahanin tungkol sa iyong pangangalaga sa supervisor upang mabigyan ka nila ng angkop na suporta.

Kung gusto mong gamitin ang opsyong ito para kumuha ng miyembro ng pamilya, kabilang ang asawa, kakailanganin nilang matanggap sa trabaho ng isang ahensya ng home care at matalagang magbigay ng iyong pangangalaga.

# PAGLIPAT MULA SA WA CARES

Kapag nagamit mo na ang buong halaga ng iyong benepisyo, hindi ka na makakatanggap ng mga karagdagang benepisyo sa pamamagitan ng programa. Kung alam mong kakailanganin mo ng mas maraming pangmatagalang pangangalaga kaysa sa saklaw ng WA Cares, dapat kang maghanda para sa paglipat sa ibang mapagkukunan. Mayroong ilang mapagkukunan na mapagpipilian, depende sa iyong pagiging karapat-dapat, mga pangangailangan sa pangangalaga at mga uri ng serbisyong gusto mo.

## KAGAWARAN NG MGA SERBISYONG SOSYAL AT PANGKALUSUGAN

Kung nagamit mo na ang lahat ng iyong mga benepisyo sa WA Cares at kailangan mo pa rin ng pangangalaga, maaaring ma-access mo ang iba pang benepisyo ng pangmatagalang pangangalaga mula sa DSHS. Ang mga programang ito ay may mga kinakailangan sa pananalapi at functional na pagiging karapat-dapat. Nag-iiba ang mga kinakailangang ito depende sa programang inaaplayan mo. Kung kailangan mo ng tulong sa pagbabayad para sa mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga, maaari mong naising mag-apply sa DSHS.

### KUNG SAAN MAG-AAPLY

**Kung wala ka pang 65 at hindi ka kwalipikado para sa Medicare:**

[wahealthplanfinder.org](http://wahealthplanfinder.org)

**Kung ikaw ay may edad na 65 o mas matanda, bulag, may kapansanan o nasa Medicare:**

[washingtonconnection.org](http://washingtonconnection.org)

O, kumpletuhin at isumite ang HCA 18-005 na Aplikasyon sa Washington Apple Health para sa coverage sa Nakatatanda, Bulag, May Kapansanan/ Pangmatagalang Pangangalaga na makikita sa

[hca.wa.gov/free-or-low-cost-health-care/forms-and-publications](http://hca.wa.gov/free-or-low-cost-health-care/forms-and-publications)

Ang sinumang nangangailangan ng karagdagang tulong sa kanyang aplikasyon ay pwedeng makipag-ugnayan sa kanyang lokal na Ahensya sa Lugar sa Pagtanda (Area Agency on Aging).

## MAGSIMULA

### Home and Community Services

Tagahanap ng opisina (Office locator):  
[dshs.wa.gov/ALSA/resources](https://dshs.wa.gov/ALSA/resources)

Matuto pa:  
[dshs.wa.gov/alsa/long-term-care-services-information](https://dshs.wa.gov/alsa/long-term-care-services-information)

Ang Home and Community Services ay nag-aalok ng mga programa upang suportahan ang iyong mga pangangailangan sa pangmatagalang pangangalaga. Ang mga serbisyong available para sa iyo ay nakadepende sa iyong mga pangangailangan at sa kapaligirang pipiliin mo.

### Developmental Disabilities Community Services

Impormasyon sa pagpapatala:  
[dshs.wa.gov/dda/consumers-and-families/eligibility](https://dshs.wa.gov/dda/consumers-and-families/eligibility)

Impormasyon sa mga serbisyo:  
[dshs.wa.gov/dda](https://dshs.wa.gov/dda)

Magsumite ng kahilingan online:  
[dshs.wa.gov/dda/service-and-information-request](https://dshs.wa.gov/dda/service-and-information-request)

Tagahanap ng opisina (Office locator):  
[dshs.wa.gov/dda/find-ddcs-office](https://dshs.wa.gov/dda/find-ddcs-office)

Ang Developmental Disabilities Community Services ay nag-aalok ng mga serbisyo at suporta para sa mga bata at adulto na may mga intelektwal at developmental na kapansanan. Kabilang dito ang personal na pangangalaga, respite, trabaho, suporta sa tirahan at iba pa.

Para maging karapat-dapat para sa mga serbisyo, dapat ay nakatala ka at natutugunan mo ang mga kinakailangan sa functional at pinansyal na pagiging karapat-dapat.

Maaari kang humiling ng mga serbisyo anumang oras sa panahon ng proseso ng pagpapatala. Hindi mo kailangang malaman ang pangalan ng mga serbisyong gusto mo.

Makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina o mag-apply online.

## AREA AGENCIES ON AGING

Ang Community Living Connections ng estado ng Washington ay isang network ng mga organisasyon ng estado at komunidad, na ibinibigay sa pamamagitan ng iyong lokal na Area Agency on Aging, na maaaring magkonekta sa iyo sa uri ng tulong na kailangan mo.

Makakatulong ang Community Living Connections sa mga matatanda, mga adulto na may mga kapansanan at mga caregiver na ma-access ang malawak na hanay ng mga pampubliko at pribadong mapagkukunan. Ibinibigay nila ang mga serbisyo at suporta para sa pangmatagalang pangangalaga na kailangan mo upang patuloy na makapamuhay nang mag-isa sa iyong komunidad hangga't maaari.

Ang kanilang layunin ay isulong ang kagalingan, kalayaan, dignidad at pagpili para sa lahat ng indibidwal na kanilang pinaglilingkuran. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na AAA para sa impormasyon tungkol sa mga mapagkukunan sa komunidad at mga opsyon sa serbisyo upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.

Para sa tulong sa paghahanap sa AAA sa iyong lugar:

Bisitahin ang: [wacalc.org/consumersite/connect](https://wacalc.org/consumersite/connect)

Tumawag sa: 855-567-0252

# TULONG AT SUPORTA

## MGA PANGKALAHATANG KATANUNGAN

Ang suporta sa customer ay available mula Lunes hanggang Biyernes mula 8:30 a.m. hanggang 4:30 p.m. (sarado kapag mga holiday sa estado).

### Suporta sa telepono

844-CARE4WA (844-227-3492)

Available ang tulong sa wika.

Para sa TTY/TDD o Washington Relay Service, i-dial ang 711.

### Iba pang suporta

Bisitahin ang [wacaresfund.wa.gov/contact](https://wacaresfund.wa.gov/contact) upang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng email o live chat.

## PAANO KA NAMIN MAPAGLILINGKURAN NANG MAS MAAYOS?

### Sabihin sa amin kung paano kami naglilingkod

Nakatuon kami sa patuloy na pagpapabuti ng programa.

Kung mayroon kang feedback tungkol sa iyong karanasan, tumawag sa 844-CARE4WA (844-227-3492) o bisitahin ang [wacaresfund.wa.gov/contact](https://wacaresfund.wa.gov/contact) upang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng email o chat.

## PAG-UULAT NG MGA ALALAHANIN

<b>Pang-aabuso at pagpapabaya</b>	<p>Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa isang bulnerableng adulto na inaabuso, pinapabayaan, o pinagsasamantalahan (kahit na hindi sila sigurado, dapat silang tumawag):</p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. Mag-ulat online sa <a href="https://dshs.wa.gov/altsa/reportadultabuse">dshs.wa.gov/altsa/reportadultabuse</a></li><li>2. Call 877-734-6277 (TTY/TDD: call 711)</li></ol> <p>Kung ikaw o ibang tao ay nasa napipintong panganib, tumawag kaagad sa 911.</p>
<b>Panloloko</b>	<p>Kung naniniwala ka na may taong gumagawa ng panloloko o nagmamalabis sa paggamit ng mga benepisyo ng WA Cares:</p> <ol style="list-style-type: none"><li>3. Tumawag sa 844-CARE4WA (844-227-3492)</li><li>4. Bisitahin ang <a href="https://wacaresfund.wa.gov/contact">wacaresfund.wa.gov/contact</a> upang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng email o live chat.</li></ol>
<b>Mga karapatang sibil at diskriminasyon</b>	<p>Kung nakakaranas ka ng hindi makatarungang pagtrato at nais mong maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil o diskriminasyon:</p> <ol style="list-style-type: none"><li>5. Tumawag sa 866-737-0617</li><li>6. Mag-email sa <a href="mailto:investigationssupport@dshs.wa.gov">investigationssupport@dshs.wa.gov</a></li></ol>
<b>Privacy</b>	<p>Kung naniniwala ka na ang WA Cares o ang Department of Social and Health Services ay lumabag sa iyong privacy, maaari mong kumpletuhin ang number 27-115 ng form ng reklamo sa privacy, na matatagpuan sa <a href="https://dshs.wa.gov/office-of-the-secretary/forms">dshs.wa.gov/office-of-the-secretary/forms</a>.</p> <p>Maaari ka ring magsulat o magsumite ng reklamo nang elektroniko kasama ang parehong impormasyon. Maaari mong isumite ang iyong reklamo:</p> <ol style="list-style-type: none"><li>7. Sa pamamagitan ng email sa <a href="mailto:DSHSPrivacyOfficer@dshs.wa.gov">DSHSPrivacyOfficer@dshs.wa.gov</a></li><li>8. Sa pamamagitan ng koreo sa DSHS Privacy Officer, PO Box 45135, Olympia, WA 98504-5135</li></ol>

## IBA PANG REKLAMO

<b>Mga reklamo tungkol sa WA Cares</b>	<p>Kung gusto mong lutasin ang isang problema o maghain ng pangkalahatang reklamo tungkol sa WA Cares Fund o isang empleyado ng WA Cares:</p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. Bisitahin ang DSHS Constituent Services online sa <a href="https://dshs.wa.gov/contact-department-social-and-health-services">dshs.wa.gov/contact-department-social-and-health-services</a></li><li>2. Tumawag sa 800-865-7801</li></ol>
<b>Mga reklamo tungkol sa isang provider</b>	<p>Kung mayroon kang reklamo tungkol sa isa sa iyong mga provider, mangyaring iulat nang direkta ang isyu sa provider at subukang lutasin ang isyu kasama nila. Kung hindi mo magawa o hindi ka komportable na gawin ito, mangyaring makipag-ugnayan gamit ang isa sa mga opsyong ito:</p> <ol style="list-style-type: none"><li>3. Para sa anumang mga reklamo, maaari kang makipag-ugnayan sa WA Cares sa 844-CARE4WA (844-227-3492).</li><li>4. Para sa mga reklamo tungkol sa isang pasilidad na tinitirhan mo, maaari ka ring makipag-ugnayan sa Residential Care Services sa 800-562-6078.</li></ol>





**MATUTO PA**

Bisitahin ang [wacaresfund.wa.gov](http://wacaresfund.wa.gov)  
o tumawag sa 844-CARE4WA (844-227-3492)